Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino sa Piling Larang
# Teknikal-Bokasyunal



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Filipino sa Piling Larang- Teknikal-Bokasyunal**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Ikapitong Linggo: Pagsulat ng Feasibility Study**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Filipino sa Piling Larang: Teknikal Bokasyunal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Vivian A. Estayan |
| **Editor:** | Tommy R. Rico |
| **Tagasuri:** | Sheila C. Molina, Jovanni L. Cornelia, Amaflor C. Alde |
| **Tagaguhit:** | Ferdinand B. Jara |
| **Tagalapat:** | Allan G. Salom |
| **Tagapamahala:** | Wilfredo E. Cabral, PhD |
| | Jennifer F. Vivas, PhD |
| | Dennis M. Mendoza |
| | Jocelyn M. Alinab, PhD |
| | Tommy R. Rico |

**Inilimbag sa Pilipinas ng SDO-Caloocan**
**Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)**

Office Address: Misamis St., Bgao Bantay, Quezon City, Philippines
Telefax: (632) 8929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Senior High School

# Filipino sa Piling Larang-Teknikal Bokasyonal

## Unang Markahan – Ikapitong Linggo
## Pagsulat ng *Feasibility Study*

Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay kolaboratibong binuo at sinuri ng mga lupon ng mga edukador sa pampublikong paaralan. Hinihikayat na ang mga guro mag-aaral, at mga magulang na magbigay ng puna at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa *action@deped.gov.ph*.

**Lubos po naming pahahalagahan ang inyong puna at rekomendasyon.**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang: Teknikal-Bokasyunal- SHS ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Feasibility Study.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Filipino sa Piling Larang: Teknikal- Bokasyunal- SHS</u> ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa <u>Pagsulat ng Feasibility Study</u>,

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito.



## *Alamin*

Sa larangang teknikal-bokasyunal, sinisikap ng programang K-12 ang pagpapatibay ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga sulating teknikal-bokasyunal sa paraan ng paglikha ng mga sulating batay sa paksang maaaring magamit sa labas ng akademya gamit ang patuloy na umuunlad na wikang Filipino. Sa araling ito, ay hahasain ang mga mag-aaral sa pagbuo ng sulating Feasibility Study. Tutuklasin ng mga mag-aaral ang mga bahaging bumubuo sa sulating ito at ang paraan ng pagsulat nito.


Ang modyul ay may isang aralin:

- Aralin 7- Pagsulat ng *Feasibility Study*

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika **(CS_FTV11/12WG-0m-o-95)**

1. Natutukoy ang dahilan sa pagbuo ng *feasibility study;*
2. Nakikilala ang mga komponent na bumubuo sa isang *feasibility study;*
3. Nailalapat sa pagsulat ang mga komponent o bahagi ng *feasibility study;*
4. Nakasusuri ng halimbawang *feasibility study;*
5. Nakikilala ang wikang ginagamit sa pagsulat ng *feasibility study; at*
6. Nakasusulat ng *feasibility study* batay sa wasto, maingat, at angkop na paggamit ng wika.



## *Subukin*

Basahin ang mga tanong at ilagay ang letra ng tamang sagot sa nakalaang patlang.

________1. Aling bahagi ng *Feasibility Study* ang naglalaman ng maikli ngunit malinaw na pangkalahatang pagtingin sa negosyo?

A. Deskripsyon ng Negosyo
B. Deskripsyon ng Produkto
C. Mamamahala
D. Layunin

________2. Ano ang karaniwang katangian ng produkto at serbisyong nakapaloob sa *feasibility study*?

A. Ang serbisyo ay nirerentahan, samantala ang produkto ay naibebenta.
B. Ang produkto ay maaring mahawakan samantala ang serbisyo ay maaring magamit.
C. Ang serbisyo ay mayroong *supplier*, samantala ang produkto ay mayroong *manufacturer*.
D. Ang produkto ay karaniwang nahahawakan, nauubos o nagagamit, samantala ang serbisyo ay inilalaan para sa mga tao.

________ 3. Ano ang kahalagahan ng rekomendasyon sa pagsulat ng *feasibility study*?

A. Ang rekomendasyon sa pagpaplano ng perang gagastusin.
B. Hindi maisasakatuparan ang *feasibility study* kung wala ang bahaging ito.
C. Nilalaman nito ang pag-aaral tungkol sa posibilidad ng pagtatayo ng negosyo.
D. Sa rekomendasyon mababasa ang lugar kung saan mainam magtayo ng negosyo.

________ 4. Bakit mahalaga ang pagsulat ng *feasibility study*?

A. Higit na nakikilala ang produkto o serbisyo dahil sa komprehensibong paglalarawan ng *feasibility study*.
B. Nabibigyang paalala nito ang mga konsyumer para sa mga panganib na kaakibat ng maling paggamit ng produkto.
C. Sa pamamagitan ng *feasibility study* matitiyak ang matagumpay na paglulunsad ng tiyak na produkto o serbisyo.
D. Ang *feasibility study* ay dokumentong nagsasaad ng sunod-sunod na pangyayari o kaganapan sa isa o grupo ng tao.

________ 5. Alin sa mga bahagi ng *feasibility study* ang nagtataglay ng paraan kung paano mahihikayat ang mamimili na tangkilikin ang produkto o serbisyo?

A. Pagtutuos at Paglalaan ng Pondo
B. Estratehiya sa Pagbebenta
C. Pagsusuri ng Kikitain
D. Daloy ng Proseso

________ 6. Ano ang tawag sa wikang ginagamit lamang sa partikular na larangan?

A. Impormal
B. Pormal
C. *Jargon*
D. *Creole*

________ 7. Si Lawrence ay isang mahusay na mekaniko, nagdesisyon siyang magtayo ng isang talyer sa kanilang bayan kung saan maraming behikulo ang paroo't parito. Ano ang kinonsidera ni Lawrence sa kaniyang pasya?

A. Deskripsyon ng Produkto/Serbisyo
B. Deskripsyon ng Negosyo
C. Pagsusuri ng Lugar
D. Layunin

________ 8. Alin ang hindi kabilang sa mga kahalagahan ng pagsasagawa ng *feasibility study*?

A. Magagamit ito bilang alternatibong dulog at solusyon upang maisakatuparan ang ideya.
B. Isang makabuluhang impormasyon at datos na makatutulong sa pagbuo ng desisyon.
C. Nakikilala ang pangangailangan ng isang produkto.
D. Natutukoy ang tagumpay ng ideya.

________ 9. Alin ang nararapat na gawin matapos kilalanin ang mga taong may gampanin sa isang negosyo?

A. Estratehiya ng Pagbebenta
B. Pagsusuri ng Kikitain
C. Daloy ng Proseso
D. Apendise

________ 10. Ano ang sulating teknikal ang may malinaw na relasyon sa *feasibility study*?

A. Naratibong ulat
B. Flyers at Leaflets
C. Anunsyo o Babala
D. Panukalang Proyekto

________ 11. Ang perang kakailanganin sa negosyo ay Php 50,000.00. Aling bahagi ng *feasibility study* ang naglalaman nito?

A. Pagtutuos at Paglalaan ng Pondo
B. Pagsusuri ng Kikitain
C. Mamamahala
D. Layunin

________ 12. Saan makikita ang pormularyo gaya ng *business permit* sa isang *feasibility study*?

A. Mga Rekomendasyon
B. Daloy ng Proseso
C. Apendise
D. Layunin

________ 13. Ano ang maaaring maging proyekto ni Jennifer kung ang negosyo niya ay isang Salon?

A. Serbisyo lamang
B. Produkto lamang
C. Serbisyo at Produkto
D. Serbisyo, produkto at lugar

________ 14. Ano ang kahalagahan ng pagtiyak sa daloy ng proseso sa isang *feasibility study*?

A. Mas madaling natatapos ang gawain dahil nakabadyet ang gawain sa bawat taong mamamahala ng itatayong negosyo.
B. Nailalatag ang *timeline* ng tiyak na mga gawain bago maisakatuparan ang negosyo.
C. Natutukoy ang layunin ng pagtataynegosyo.
D. Nasusuri ang pisikal na katangian ng lugar.

________ 15. Ano ang maaaring gamitin upang higit na maging komprehensibo ang paglalahad ng datos tulad ng bahagi ng pagsusuri ng kikitain?

A. *Graphic organizer*
B. Mga larawan
C. Karikatura
D. Ilustrasyon

| Aralin 7 | Pagsulat ng *Feasibility Study* |
|---|---|

Ang araling ito ay dinisenyo batay sa kahilingan ng kurikulum na huhubog sa mag-aaral na may kakayahang makaagapay sa global at lokal na ugnayan sa ika-21 siglo. Ang mga mag-aaral na sumasailalim sa teknikal bokasyunal ay inaasahang mahubog ang kakayahan at kasanayan sa kanilang partikular na larang. Maaaring produkto o serbisyo ang maging awtput ng kanilang kakayahan. Ang *feasibility study* ay sulating teknikal na mahalaga sa larangan ng pagnenegosyo. Sa pamamagitan nito, higit na lalawak ang pagtingin ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng kanilang kasanayan at kung paano nila ito maipapanukala sa publiko. Sa patuloy na pagtuklas sa iyong sariling kakayahan, alin sa mga kasanayan mo ang maaaring mapakinabangan ng komunidad? Paano mo ito palalawakin bilang isang hanapbuhay? Halina't alamin sa mga susunod na pahina.



## *Balikan*

Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Punan ng wastong salita ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata.

| | | | |
|---|---|---|---|
| masustansiya | restawran | pagkain | larawan |
| impormasyon | paglalarawan | presyo | kostumr |
| menu | uri | ulam | hapag |

Bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang masasarap na pagkain tuwing may piging o salo-salo. Sa modernong panahon hindi na lamang ito bahagi ng ating tradisyon, naging bahagi rin ito ng komersyo o hanapbuhay. Ang 1.____________ ay sulating teknikal-bokasyunal dahil isa itong mahalagang gamit sa isang kainan, 2. ______________ o *fast food*. Ito ay naglalaman ng 3. ____________ at naglalarawan ng 4. _______________. Sa pagsulat ng menu kailangang nakapangkat ang mga pagkain batay sa 5. ______________ nito. Mahalaga ring may nakalagay na

6.______________ upang matukoy ang halaga ng pagkain. Mas mauunawaan ito kung may 7.________________ sa mga putahe at mas patok sa mamimili ang mga 8. __________________ na kakikitaan ng mga hitsura ng pagkain. Sa pagpaplano ng menu, ang pangunahing isinasaalang-alang ay ang pagiging 9.________________ ng pagkain upang mapabuti ang kalusugan ng 10. _______________.



## *Tuklasin*

Magtala ng mga konsiderasyon sa pagbuo ng desisyon sa tapat ng mga sitwasyong nasa kolum.

| **Sitwasyon** | **Mga Konsiderasyon** |
|---|---|
| Halimbawa:<br>Pagpili ng kakainang restawran. | -Malinis ang paligid<br>-Masarap ang pagkain<br>-Masustansyang pagkain<br>-Abot-kaya ang presyo |
| 1. Pagpili ng isusuot na damit sa okasyon. | |
| 2. Pagtitimbang kung alin ang mas magandang bibilhing *cellphone* | |
| 3. Pagpili ng kursong kukunin sa kolehiyo | |
| 4. Pagpili ng paksa sa tesis. | |
| 5. Paghahanap ng Paaralang papasukan sa Kolehiyo | |



# *Suriin*

**Pagsulat ng *Feasibility Study***

Ang ***feasibility study*** ay isang pag-aaral na ginagawa upang malaman ang iba't ibang sangkap at epekto ng iminumungkahing produkto at/o serbisyo at kung ito ay naaayon sa pangangailangan sa pamilihan. Tungkulin nitong pag-aralan o suriing mabuti ang pangkalahatang kalagayan ng mga bagay, tao o sitwasyong nakaaapekto sa isang negosyo bago maipatupad ang anomang aksiyon o proyekto. Sa pamamagitan ng sulating teknikal na ito natutukoy ang posibilidad kung maaaring maisakatuparan ang isang proyekto.

**Bahagi ng *Feasibility Study***

Ang feasibility study ay ginagawa bilang bahagi ng isang negosyo, tungkulin nitong tuklasin ang mga posibleng suliranin kung maaaring ituloy ang proyekto o hindi. Sa pagsulat ng *feasibility study*, kailangan ang masusing pananaliksik na pinaglalaanan ng panahon. Mayroong tiyak na komponent na sinusunod ang proponent. Hindi maaaring pagpalit-palitin o alisin ang mga bahaging ito para sa teknikal na aspetong pangnilalaman ng sulatin. Ang mga sumusunod ay ang mga bahagi ng isang pangkaraniwang *feasibility study*:

1. Deskripsyon ng Negosyo
2. Deskripsyon ng Produkto o Serbisyo
3. Layunin
4. Pagtutuos at Paglalaan ng Pondo
5. Pagsusuri ng Lugar
6. Mga Mapagkukunan
7. Mamamahala
8. Pagsusuri ng Kikitain
9. Estratehiya ng pagbebenta
10. Daloy ng Proseso
11. Mga Rekomendasyon
12. Apendise

**Proseso sa Pagsulat ng *Feasibility Study***

Mahalagang sundin ang proseso sa pagsulat ng *feasibility* upang matiyak ang resultang nais mabuo sa pagsulat nito.

1. **Ipakilala ang Deskripsyon ng Negosyo.** Marapat na ilarawan ang uri ng negosyong nais pasukin sa bahaging ito, ano ang tiyak na panawag dito at sino ang mag-oorganisa nito.
2. **Alamin ang Deskripsyon ng Produkto o Serbisyo.** Dito inilalarawan ang uri ng produkto o serbisyong nais ibahagi. Ang produkto ay anomang nakokonsumo, nagagamit o nauubos samantalang ang serbisyo naman ay ibinibigay.
3. **Itala ang mga layunin.** Sa bahaging ito mababasa kung kailan sisimulan ang negosyo at kung sino ang makikinabang sa mga nakatalang tiyak na mga layunin sa pagtatayo ng negosyo.
4. **Ilatag ang bahagi ng pagtutuos at paglalaan ng pondo.** Itala sa bahaging ito ang pondong inilaan sa negosyo at kung ano ang mga partikular na gastusin ang paglalaanan nito.
5. **Suriin ng Lugar.** Tukuyin ang tiyak na *marketplace* na pagtatayuan ng negosyo na sa iyong palagay ay naangkop na mapabilang ang produkto. Mahalagang tiyakin ang detalye ng lugar sa bahaging ito.
6. **Alamin ang mga mapagkukunan ng suplay.** Isa-isahin sa bahaging ito ang mga mapagkukunan ng suplay ng mga hilaw na materyales.
7. **Kilalanin ang mga mamamahala.** Magkaroon ng paghahati-hati ng gawain sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga tiyak na tao sa bawat gawain o posisyong bahagi ng negosyo.
8. **Suriin ang kikitain.** Sa bahaging ito, ipakita ang arawan o buwanang kikitain ng negosyo at sulitin kung ito ay sasapat sa gastusin o puhunan.
9. **Ilahad ang estratehiya sa pagbebenta.** Ibabahagi naman dito ang paraan ng paglulunsad ng negosyo, kung paano ito maipakikilala sa mamimili nang magaan para sa kostumer at negosyante.
10. **Ipakita ang daloy ng proseso.** Dito matutunghayan ang takbo ng pamamahagi ng produkto at serbisyo kung paano ito sisimulan ng tagapaglunsad upang makarating sa kostumer. Maaari itong gamitan ng *graphic organizer* upang maayos na mailahad ang proseso.

**11. Sumulat ng mga rekomendasyon.** Mahalagang gumawa o sumulat ng rekomendasyon upang matulungan ang negosyante sa pagdedesisyon kung dapat bang ituloy o hindi ang negosyo.

**12. Maglakip ng mga pormularyo sa apendise.** Kung kinakailangan, maaring ilakip ang mga pormularyong kailangan sa pagpapatayo ng negosyo, tulad ng *business permits* atbp.

**Ang Wika ng *Feasibility Study***

Ang pagsulat ng *feasibility study* ay isang kompleks na gawaing nangangailangan nang maingat at masusing pananaliksik. Mahalagang angkop ang wikang gagamitin sa pagsulat nito. Ito ay teknikal na sulating nilalapatan ng pormal na wikang teknikal. Hindi maiiwasan ang paggamit ng mga salitang *jargon* na kabilang sa larangan ng pagnenegosyo ngunit hangga't maari tumbasan ang mga salitang may salin sa Filipino, sikaping gamitin ang salin nito. Sa larangan ng negosyo, nariyan ang samo't saring mga *register* gaya ng mga salitang *interest, sales, marketing, staffing, expenses, market segments, assets* at marami pang iba. Ang mga teknikal na *jargon* ay maaaring nakabatay sa oryentasyon ng negosyong ipinapanukala.

Halimbawa:

Medisina (*antibiotic, therapy, diagnosis, colon, check-up*)
Arkitektura ( *façade, pastiche, blueprint, vault*)
IT (*mouse, motherboard, CPU, editing, layout, animation*)

**Halimbawa ng *Feasibility Study***

**Labada Tres Sesenta**

**A. Deskripsiyon ng Negosyo**

Ang Labada Tres Sesenta ay negosyong itinayo ng tatlong magkakaibigan na dating naninirahan sa isang silid bilang 360 ng dormitoryo. Ito ay konsepto ng isang negosyong magbibigay ng serbisyong paglalaba para sa mga taong abala sa paghahanapbuhay at walang panahong harapin ang labahin ngunit kailangang humarap sa maraming tao nang may presentableng kasuotan, gayundin ang mga indibidwal na walang sariling makina sa paglalaba sa tahanan at nagtitipid sa tubig at kuryente o ang mga mabibigat na labahin ng mga establisemyento gaya ng hotel at catering services. Ang negosyo ay nabuo mula nang mapagtanto nila bilang mga dating working student na ang pinakamabigat na gawaing nakauubos ng kanilang oras ay paglalaba, kaya naisip nilang gawin itong negosyo upang mapagaan at makatipid sa oras ang mga nagtatrabaho o nag-aaral.

**B. Paglalarawan sa Produkto o Serbisyo**

Ang Labada Tres Sesenta ay isang *laundry shop* na bukas sa publiko anomang araw mula ika-10:00 ng umaga hanggang ika-9:00 ng gabi. Ito ay magbibigay ng paglalabadang may tiyak na kasiya-siyang serbisyo para sa kanilang kostumer. Ang kanilang serbisyong *Wash, Dry And Fold* sa ano mang labahin ay maaaring i-pick-up sa mismong shop o maaaring i-deliver. Sa pamamagitan nito ang mga maruruming damit na pinoproblema ng mga propesyonal o maybahay man ay agad na masosolusyonan. Hindi na mauubos ang kanilang oras sa paglalaba at ang mga maruruming damit muling magmumukhang bago at plantsado pa.

**C. Layunin**

Bilang isang establisyementong nagbibigay ng serbisyo sa publiko ang Labadang Tres Sesenta ay magsisimula sa Disyembre, 2021 at mapakikinabangan ng mga residente ng Heroes del 96. Ito ay may mga tiyak na layunin:

a. Maging pangunahing laundry shop sa Heroes Del 96 na makapagbibigay ng de kalidad na serbisyong makapagpapagaan ng buhay ng kostumer.
b. Matiyak ang kalinisan at wastong pamantayan ng pananamit.
c. Mapanatili ang kalinisan sa personal na kagamitan ng kostumer.
d. Makapagbigay ng marangal na hanapbuhay sa sariling mga manggagawa
e. Matulungan ang mga indibidwal o pamilyang ang suliranin ay maruming labahin.

**D. Pagtutuos at Paglalaan ng Pondo**

Sa pagsisimula ng negosyo ang kakailanganing pondo ay Php 460, 636 na manggagaling sa tatlong magkakaibigang nagmamay-ari ng negosyo. Makikita sa ibaba kung ano ang mga paglalaanan ng pera at paano ito hahatiin.

| Alokasyon | Pera (Peso) |
|---|---|
| *Laundry and Shop Facilities* | 372, 000.00 |
| *Utilities* | 16, 00.00 |
| *Maintenance* | 1,500.00 |
| *Ads* | 300.00 |
| *Salary* | 55,810.00 |
| *Contingency Fund* | 15, 000.00 |
| Kabuoan | 460, 636.00 |

**E. Pagsusuri ng Lugar**

Ang sentro ng negosyo ay matatagpuan sa 190 Heroes Del 96, Lungsod ng Caloocan na tinatayang isa sa matataong lugar sa Silangang Caloocan. Ayon sa pananaliksik ng Labada Tres Sesenta, walo sa sampung indibidwal ang nagsasabing mahalaga ang tungkulin ng *laundry shop* sa kanilang lugar. Ang target na kostumer ay ang kabahayan na walang *laundry shop* na matatagpuan. May mga apartment ding matatagpuan sa lugar na tinutuluyan ng mga nangungupahang propesyonal at mag-aaral ng UE Caloocan, STI Caloocan at AMA Caloocan.

**F. Mga Mapagkukunan**

Sa pagsasakatuparan ng negosyo, tiniyak ng mga *staff* ng *laundry shop* ang seguridad ng mga suplay ng mga kagamitan. Ang mga tiyak na magsusuplay ay ang Maynilad para sa tubig, Meralco naman sa kuryente, PLDT para sa Landline at Internet, Handyman para sa mga *appliances* at iba pang kagamitang *hardware*.

**G. Mamamahala**

Ang kompanya ay mayroong limitadong lakas-pantao ngunit hindi ito sagabal upang maisakatuparan ang adbokasiya ng samahan. Ang sumusunod ay mahahalagang haligi ng Labada Tres Sesenta:

| | |
|---|---|
| **Tagapamahala:** Kristine Joy Calma | |
| **Kahera:** Klarizza Marie Nieto | |
| **Laundry Staff:** | **Delivery Staff:** |
| Gabriel Bolinao | Jhay-are Silvestre |
| Darielle Esmeña | Arnel Nacor |
| Martin Pastor Panlaque | |
| Princess Oliveros | |

**H. Pagsusuri ng Kikitain**

Ang salaping gagamitin sa pagbuo ng negosyo ay lilikumin mula sa pinagsamang pondo ng tatlong magkakaibigang may-ari ng negosyo at ang kikitain sa kanilang negosyo ay paiikutin muna rito hanggang maibalik sa kanila ang kanilang puhunan. Makikita sa ibaba ang *income statement* ng negosyo sa loob ng isang buwan.

INCOME STATEMENT (MONTH)

**Less Expenses**

| | | |
|---|---|---|
| Utilities | - | 16,500.00 |
| Maintenance | - | 1, 500.00 |
| Advertisement | - | 300.00 |
| Salary | - | 55, 810.00 |
| Total | - | 74,110.00 |

**Sales Income:** 140,784

- 74,110

Php. 66,674.00

## Expenses

| EXPENSES | PER DAY | MONTHLY | YEARLY |
|---|---|---|---|
| **1. Utilities** | | | |
| Electricity | 300 | 9,000 | 108,000 |
| Water | 200 | 6,000 | 72,000 |
| Internet | 50 | 1,500 | 18,000 |
| **2. Maintenance** | 50 | 1500 | 3,000 (twice a year) |
| **3. Advertisement** | 10 | 300 | 3,600 |
| **4. Salary** | | | |
| Manager | 700 | 21,700 | 260,400 |
| Cashier | 600 | 18,000 | 216,000 |
| Staff/Security Guard and Delivery Boy | 537 | 16,110 | 193,320 |
| Total | 2.447 | 74,110 | 877,320 |

## Sales Income

| SERVICE | PRICE | QUANTITY PER MONTH | INCOME/TOTAL |
|---|---|---|---|
| WASH ONLY | 70/7KL | 1250kl | Php. 12,500.00 |
| DRY | 70/7KL | 1000kl | Php. 10,000.00 |
| FOLD W/ PACKAGING | 50/7KL | 800kl | Php. 5,714.00 |
| WASH(DELIVERY) | 90/7KL | 1000KL | Php. 12,857.00 |
| DRY(DELIVERY) | 90/7KL | 1000KL | Php. 12,857.00 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| FOLD WITH PACKAGING DELIVERY) | 70/7KL | 1000KL | Php.10,000.00 |
| PACKAGE (WASH,DRY,FOLD) | 180/7KL | 1300KL | Php, 33,428.00 |
| PACKAGE DELIVERY (WASH,DRY) | 120/7KL | 1200KL | Php. 20,571.00 |
| PACKAGE DELIVERY (WASH,DRY,FOLD) | 200/7KL | 800KL | Php. 22,857.00 |
| | | | TOTAL: Php. 140,784 |
| | | | |

**I. Estratehiya ng Pagbebenta**

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at paglawak ng sakop ng *social media*, napagpasyahan ng pamunuan ng Labada Tres Sesenta na ipakilala ang kanilang negosyo gamit ang *social media platforms* gaya ng *Facebook, Instagram*, *Twitter* at marami pang iba. Napagkasunduan ding magsagawa ng mga *promo* upang maengganyo ang mga kostumer na magpalaba sa *laundry shop*.

**J. Daloy ng Proseso**

Sa pamamagitan ng *gantt tsart* makikita ang daloy ng proseso kung paano maisasakatuparan ang itatayong negosyo.

| ID | Deskripsyon | Jan | Feb | Mar | Apr | May | Jun | Jul | Aug | Sept | Oct | Nov | Dec |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Paghahanda ng negosyo at *feasibility study* | ■ | ■ | | | | | | | | | | |
| 2 | Paghahanap ng lokasyon | | | ■ | | | | | | | | | |
| 3 | Pagsisiguro ng pinansiyal na kapital | | | ■ | ■ | | | | | | | | |
| 4 | Pagsisiguro ng permit at lisensya | | | | | ■ | ■ | | | | | | |
| 5 | *Canvassing, Scouting, Bidding* ng Suplay | | | | | | ■ | | | | | | |
| 6 | Oryentasyon ng empleyado | | | | | | | ■ | | | | | |
| 7 | Pag-order ng mga hilaw na materyal | | | | | | | | ■ | | | | |
| 8 | Pagpapaunlad ng establisyemento | | | | | | | | | ■ | ■ | | |
| 9 | *Marketing* at promosyon | | | | | | | | | | | ■ | |
| 10 | Simula ng operasyon | | | | | | | | | | | | ■ |


**K. Mga Rekomendasyon**

Ang negosyo ay mahalaga sa komunidad, ito ay mayroong tiyak na pakinabang sa mga kostumer. Ang mainam na rekomendasyon para sa *proponent* ay ang pagtiyak sa promosyon ng negosyo upang magkaroon ng tiyak na kostumer, gayundin ang pinansiyal na kasiguruhan ay marapat na matiyak upang matugunan ang pangangailangan ng pagpapatuloy ng negosyo.

**L. Apendise**

Ang Labada Tres Sesenta ay kinakailangang makapag-proseso ng mahahalagang papel para sa kaniyang negosyo upang maging legal ang pagpapatakbo ng mga ito. Ang mga pormularyong nararapat masiguro ay ang sumusunod:

a. Brgy Business Permit
b. DTI Business Permit
c. SEC Registration
d. SSS Accreditation



# *Pagyamanin*

**Gawain 1 Pagsusuri ng Halimbawa (SWOT Analisis)**

Mula sa binasa mong halimbawa ng *feasibility study*, gumawa ng analisis gamit ang SWOT na talaan bilang indikasyon kung karapat-dapat maisagawa ang *Feasibility Study*. Sagutin ang mga tanong.

| Ano ang kalakasan ng negosyo? (*Strength)* | Ano ang kahinaan ng negosyo? (*Weakness*) |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |
| **Ano ang oportunidad na nakikita sa negosyo? (*Opportunity*)** | **Ano ang banta sa pagtatayo ng negosyo? (*Threat*)** |
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

**Gawain 2 Pagkilala sa wika ng Negosyo**

Ibigay ang kahulugan ng mga salita para sa mga termino sa Ingles. Ibigay muna ang salitang katumbas nito sa Filipino bago ang kahulugan nito.

1. kapital- _____________
   ____________________________________________________________
2. *interest*- _____________
   ____________________________________________________________
3. produkto- _____________
   ____________________________________________________________
4. *sales*- _____________
   ____________________________________________________________

5. *expenses-* _____________
_________________________________________________________________________

6. *marketing-* _____________
_________________________________________________________________________

7. *finance-* _____________
_________________________________________________________________________

8. *balance-* _____________
_________________________________________________________________________

9. *assets-* _____________
_________________________________________________________________________

*10.* commodities- _____________
_________________________________________________________________________

**Gawain 3 Pagtatala ng mga Salita**

**Magtala ng sampung salitang kabilang sa register ng iyong larangan o strand at ibigay ang kahulugan nito.**

Larangan o Strand : Home Economics

Halimbawa:

baking- ito ang proseso ng pagluluto ng tinapay sa hurno.

| Salita | Kahulugan |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br>6.<br>7.<br>8.<br>9.<br>10. | |



# Isaisip

**Tukuyin ang salitang binigyang kahulugan sa bawat bilang. Gawing batayan ang kahon sa pagtukoy ng termino.**

1. Ito ang sentro ng pamilihan kung saan ibibigay ang produkto o serbisyo.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | | | | | | | | | | E |

2. Maaaring ito ay magamit o makonsumo.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | R | | | | | T | |

3. Ito ay ibinibigay o inilalaan para sa mga tao.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | R | | | | Y | |

4. Nilalaman nito ang lagom at mungkahi upang maisakatuparan ang proyekto.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | K | | | E | | | A | | | | N |

5. Sa bahaging ito tinatalakay ang dahilan kung bakit isasagawa ang negosyo.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| L | | | U | | | N |

6. Ang sulating ito ay isang pag-aaral na ginagawa upang malaman ang iba't ibang sangkap at epekto ng iminumungkahing produkto at/o serbisyo.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | A | | | B | | | I | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | T | | | Y |

7. Ang wikang ginagamit sa *feasibility* ay ekslusibo sa larangan ng pagnenegosyo.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | A | | | O | |

8. Pangangailangan upang maisagawa ang *feasibility study*.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | | | A | | | K | | I | |

9. Uri ng sulating kinabibilangan ng *feasibility study*.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | | | | | N | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | E | | | I | | A | |

10. Ito ang umiiral na salik na hinahanapan ng solusyon ng isang *feasibility study.*

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | U | | | | A | | | N |



## *Isagawa*

Gumawa ng sariling *Feasibility study* na maaring may kaugnayan sa iyong *strand*, sa lipunang kinabibilangan, o sa iyong paaralan. Sundin ang bahaging tinalakay.

Ang pagsulat ng *Feasibility study* ay naglalayong:

a. Malinang ang kakayahang magmungkahi
b. Pagpapalawak ng ideya sa napapanahong suliranin

| Pamantayan | Puntos | Iskor |
|---|---|---|
| 1. Payak ngunit malinaw ang nilalaman | 10 | |
| 2. Kompleto ang bahagi at pormat | 10 | |
| 3. Wastong paggamit ng wika | 10 | |
| 4. Mahusay na presentasyon ng *feasibility study* | 10 | |
| 5. Malinaw at tiyak ang rekomendasyon | 10 | |
| Kabuoan | 50 | |



## *Tayahin*

**Basahin ang mga tanong at ilagay sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

________ 1. Ano ang tawag sa mga salitang nabibilang sa partikular na larangan gaya ng *animation, drafting, editing*?

A. *Register* C. Kolokyal
B. Pormal D. Impormal

________ 2. Saang bahagi ng *feasibility study* matatagpuan ang *flowchart* ng mga mangangasiwa ng negosyo?

A. Mga mapagkukunan C. Mamamahala
B. Daloy ng proseso D. Layunin

________ 3. Ano ang mainam na katangian ng *marketplace* ng isang nagsisimulang negosyo?

A. May kaibigang kapareho ang negosyo sa kalapit na lugar.
B. Angkop sa pangangailangan ng komunidad.
C. May kaibigang kostumer.
D. Madalang ang tao

________ 4. Aling bahagi ng *feasibility study* ang naglalaman ng sunod-sunod na plano at petsa ng pagsasakatuparan nito?

A. Mga mapagkukunan C. Mamamahala
B. Daloy ng proseso D. Layunin

________5. Anong uri ng estratehiya ang paggamit ng *social media platforms* at pagsasagawa ng promo sa isang negosyo?

A. Promosyon C. Estratehiya sa Pagbebenta
B. Pagpapakilala D. Estratehiya sa Pagpapalawak ng negosyo

________ 6. Aling bahagi ang naglalaman ng pagkilala sa itatayong proyekto, ang pangalan nito at bumuo rito?

A. Deskripsyon ng produkto/serbisyo C. Mga mapagkukunan

B. Deskripsyon ng negosyo D. Layunin

________ 7. Ano ang kahalagahan ng pagsusuri ng kikitain sa isang *feasibility study*?

A. Natutukoy ang badyet na kailangang ilaan sa bawat kagamitang kailangan.

B. Natitiyak ang arawan o buwanang kita kung ito ba ay sapat sa inilabas na puhunan.

C. Nadedetermina ang potensyal na magsusuplay ng mga hilaw na materyales na kailangan.

D. Natutukoy ang kwalipikasyon ng lugar na magiging sentro ng pamilihan o serbisyo sa kostumer.

________ 8. Kung ang panawag sa kumukonsumo ng produkto ay kostumer, ano ang panawag natin sa tagapag-prodyus ng mga hilaw na materyales?

A. Konsumer

*B. Employer*

C. *Supplier*

D. *Importer*

________ 9. Si Gemma ay isang OFW na hilig ang pagluluto kaya noong bumalik sa bansa ay napagdesisyunan niyang magtayo ng isang karinderya, ngunit wala siyang ideya kung paano sisimulan ang negosyo. Sa iyong palagay, ano ang maaaring pangunahing isasaalang-alang ni Gemma sa kaniyang itatayong karinderya?

A. Ang lokasyon, target na kostumer, at ang puhunan sa negosyo.

B. Ang lokasyon, target na kostumer, puhunan sa negosyo at ang pamilya niya.

C. Ang lokasyon, target na kostumer, at ang puhunan sa negosyo at ang panahon.

D. Ang lokasyon, target na kostumer, puhunan sa negosyo at ang mga posibleng maging katuwang niya sa negosyo.

________ 10. Sa pagsisimula ng negosyo, ano ang pangunahing pormularyong permiso ang marapat na masiguro ng negosyante?

A. *SEC Registration Form*

B. *BIR Accreditation Form*

C. *DTI Business Permit*

D. *Barangay Business Permit*

Para sa bilang 11-15, tukuyin kung anong proyekto ang maaaring maibahagi ng ideyang negosyo sa bawat bilang. Piliin sa talaan ang letra ng tamang sagot.

A. Serbisyo lamang
B. Produkto lamang
C. Serbisyo at Produkto




11.________




12. ________




13. ________




14. ________




15. ________

(ang mga disenyo ay hango sa canva.com)

## *Karagdagang Gawain*

Magtala ng tatlong (3) napapanahong suliranin sa negosyo. Maaaring magtanong sa kapitbahay o kakilalang *online seller* kung nagsagawa ba o hindi ng *feasibility study* bago magtayo ng negosyo. Sa tapat nito, isulat ang problemang kinakaharap ng negosyo at posibleng solusyong naisip mo. Suriin ang iyong sinulat.

| **Uri ng Negosyo** | **Nagsagawa ba ng Feasibility Study? (Oo/Hindi)** | **Suliranin** | **Posibleng Solusyon** |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |



# *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

| | | |
|---|---|---|
| 1. A | 6. C | 11. A |
| 2. D | 7. C | 12. C |
| 3. C | 8. C | 13. C |
| 4. C | 9. B | 14. B |
| 5. B | 10. D | 15. A |

**ISAISIP**

1. Marketplace
2. Produkto
3. Serbisyo
4. Rekomendasyon
5. Layunin
6. Feasibility Study
7. Jargon
8. Pananaliksik
9. Sulating Teknikal
10. Sulirānin

**BALIKAN**

1. Menu
2. restawran
3. impormasyon
4. pagkain
5. uri
6. presyo
7. paglalarawan
8. larawan
9. masustansya
10. Kostumer

**TAYAHIN**

| | | |
|---|---|---|
| 1. A | 6. B | 11. B |
| 2. C | 7. B | 12. C |
| 3. B | 8. C | 13. A |
| 4. B | 9. D | 14. A |
| 5. C | 10. D | 15. C |

# *Sanggunian*


Santos, Corazon L, PhD, et, al. 2016. **Filipino sa Piling Larang-Tech Voc.** Bureau of Curriculum Development. Department of Education

Barangay Permit retrieve from https://www.google.com/search?q=barangay+business+permit+image&tbm=isch&ved=2ahUKEwjJ3uu8uvbqAhUWBpQKHRg0CQUQ2-cCegQIABAA&oq=barangay+business+permit+image&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECCMQJzoCCAA6BggAEAUQHjoGCAAQCBAeUKyBA1iRnQNgw6MDaABwAHgAgAGzA4gBzCGSAQkwLjMuNi4zLjOYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=poMjX8nzPJaM0ASY6KQo&bih=657&biw=1349&hl=en&hl=en#imgrc=qWCb8b88VaHZDM

DTI Business Permit retrieve from https://www.google.com/search?q=blank+dti+business+permit+2020&tbm=isch&ved=2ahUKEwjds6KFwfTqAhW5ylsBHfPyBT8Q2-cCegQIABAA&oq=blank+dti+business+permit+2020&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECAAQHjoGCAAQCBAeUNzrAVi88AFgpPcBaABwAHgAgAGoAYgB3gWSAQMwLjWYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=Gn4iX92-AbmRr7wP8-WX-AM&bih=657&biw=1349&hl=en#imgrc=Pt0Lzg94WHpjEM

SEC Business accreditation form retrieved from https://www.google.com/imgres?imgurl=https%3A%2F%2Fimgv2-2-f.scribdassets.com%2Fimg%2Fdocument%2F56043560%2Foriginal%2F2844bb0720%2F1592292254%3Fv%3D1&imgrefurl=https%3A%2F%2Fwww.scribd.com%2Fdoc%2F56043560%2FRegistration-Form&tbnid=8bCND1lZGVk9vM&vet=12ahUKEwjc8ozM2_TqAhUUgpQKHbnJANsQMygDegUIARDCAQ..i&docid=56qyE4A4rQF5gM&w=768&h=543&q=sec%20registration%20form&ved=2ahUKEwjc8ozM2_TqAhUUgpQKHbnJANsQMygDegUIARDCAQ

SSS Business Registration Image retrieved from https://www.google.com/imgres?imgurl=https%3A%2F%2Fimgv2-2-f.scribdassets.com%2Fimg%2Fdocument%2F56043560%2Foriginal%2F2844bb0720%2F1592292254%3Fv%3D1&imgrefurl=https%3A%2F%2Fwww.scribd.com%2Fdoc%2F56043560%2FRegistration-Form&tbnid=8bCND1lZGVk9vM&vet=12ahUKEwjS6MbHwvTqAhWSSJQKHQTdB9YQMygDegUIARDCAQ..i&docid=56qyE4A4rQF5gM&w=768&h=543&q=sec%20registration%20form&ved=2ahUKEwjS6MbHwvTqAhWSSJQKHQTdB9YQMygDegUIARDCAQ#h=543&imgdii=pR_MjOQ6D7qDEM&vet=12ahUKEwjS6MbHwvTqAhWSSJQKHQTdB9YQMygDegUIARDCAQ..i&w=768

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph